**Abstrak**

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang malaman at mabatid kung ano ang mga pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na aspeto: emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal. Ang sinabing pananaliksik ay sumailalaim sa quantitative method at ginamitan ng non random convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mga mananaliksik base sa “convenience”. Ang bilang ng mga respondent ay tatlumpo’t lima (35) na batang ina na may edad na labing-dalawa hanggang labing-walo na naninirahan sa Sta. Rosa Alaminos, Laguna. Ang lumabas na resulta ay walang pagkakaiba ang mean score ng anim na salik kapag grinupo sa antas ng huling pag-pasok, edad ng unang panganganak at kapag igrinupo sa pagkakakilanlan; kung ito ay tumigil o ipinag patuloy ang kanilang pag-aaral at mayroong pagkakaiba sa mean score sa emosyonal at sosyal na salik kapag igrinupo sa estadong marital.

a. Ang layunin ng abstrak na ito ay malaman at mabatid ang mga pinagdadaanan ng mga batang ina sa kabila ng kanilang pinag dadaanang hirap sa pagbibigay ng buhay sa isang sanggol sa murang edad at mapa emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal relasyonal, at sosyal na pamumuhay nila.
b. Ito ay gumamit ng pormal na pakikinayam upang higit na malaman at matalakay ang kaalaman ayon sa mga nangyayare sa mga kabataan ngayun.
c. Ito ay obhetibo at may kalinawan. Sapagkat ito ay nag aasam na malaman at matalakay ang karanasan ng isang batang ina sa kabila ng pinag dadaanang hirap sa kabila ng pagbibigay buhay sa isang sanggol sa murang edad. Ito ay may kalinawan sapagkat ang nakalahad na impormasyon at detalye ay madaling maintinihan ng mga mambabasa.
d. Ito ay may husay na pananaliksik sapagkat sila ay nangalap ng datos at impormasyon mula sa mga respondante upang malaman ang resulta at bilang ng mga batang ina sa isyung ito upang matalakay ito ng maayus at organisado.